


Rebolusyonaryong lathalaing pampanitikan ng Bikol

Taon V Blg. 2
Hul.-Dis. 2001


# punla

sumisibol sa gitna ng pakikibaka

# PAUNANG SALITA

Ayon sa ating dakilang guro na si Mao Zedong, ang pinakamahuhusay na manggagawa sa kultura ay papaunlarin sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa at mandirigmang nasa gitna ng teorya at praktika ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ang mga sulatin at likha – mga awit, tula, kwento, dibuho – na lumabas sa regular na paglilimbag ng PUNLA ay ang pinakadalisay na katas ng pagkamalikhain ng gayong mga artista at manunulat.

Ang mga obrang ito ay mga bunga at binhi ng inspirasyong nagmula sa mayamang teoretikal at praktikal na karanasan ng pambansa-demokratikong rebolusyon, partikular sa Rehiyong Bikol. Bunga, dahil sila'y iniluwal ng buhay at pakikibaka ng mga rebolusyonaryong Bikolano. Binhi, dahil sila'y patuloy na magiging simula ng marami pang magsasaka, manggagawa at mandirigma upang magpursigeng paunlarin ang kanilang pagiging manggagawa sa kultura.

Tulad ng bunga at binhing minsa'y sinasalanta ng bagyo…

Dahil sa mapanubok na mga panahon na natural sa pagsulong ng ating pakikibaka, hindi nakapaglimbag ng PUNLA nang mahigit isang taon.

Ngunit sa lahat ng pagsubok, tayong mga rebolusyonaryo ay laging nangingibabaw…

At sa muling pag-usbong ng PUNLA, nananatili itong tapat sa pagsasalamin ng rebolusyonaryong kultura ayon sa pananaw at paninindigan ng mga anakpawis at ng kanilang Partido, kaisa ng kanilang Hukbo – mga magsasaka, manggagawa at mandirigmang

lumikha ng kalipunang ito at kung kanino ito iniaalay.

Nawa'y magsilbi na ring paanyaya ang isyung ito sa mga mambabasa na magpadala ng kanilang mga rebolusyonaryong awit, tula, kwento o dibuho alang-alang sa pagpapayaman ng mga pahina ng PUNLA. Pagsibulin natin ang binhi sa pamamagitan ng iba't ibang ekspresyon ng samu't saring karanasan nitong iisang dakilang digmang bayang ating inilulunsad upang magbunga ng rebolusyonaryong kultura na siyang dudurog sa nabubulok at dekadenteng kulturang pinalalaganap ng naghaharing sistema.

Pagsikapan nating diligin ang PUNLA hanggang sa mamukadkad ang mapagpalaya, demokratiko at pangmasang kultura!

Dahil…
Nagmumula sa PUNLA ang rebolusyonaryong ani!



# NILALAMAN


***Mga Tula***

Para sa Aking Amang Humihibik
na Nagtatanong Kung Bakit
6
Rebolusyonaryo
7
Tagpuan
8
Sa BKP
10
Kapatid na Kasama
11
Dalawang Iisa
12
Paglalakbay
13
Balita Mula sa Silangan
14
Pagsilang, Bukang-Liwayway at Paglaya
15

***Maikling Kwento***

Basketbol
16

***Liham***

21

***Tula-Dula***

Puna
22

***Awit***

Mahal Kong Inay
30

# Para sa Aking Amang Humihibik na Nagtatanong Kung Bakit

ni Jah Merdeka

kung minsan ang paglisan ay
ang paglagay ng iyong sarili sa isang distansya
kung saan maiintindihan mo ang piping hibik
NILANG hindi nakakapagpaliwanag

kung minsan ang paglisan ay
ang paglagay ng iyong sarili sa isang lokasyon
kung saan makikita mo ang ‘di napapansing kalyo
NILANG nagtatrabahong walang sapat na kabayaran

kung minsan ang paglisan ay
ang paglagay ng iyong sarili sa isang lugar
kung saan ikaw mismo ang makakaamoy ng alingasaw
NILANG minasaker ng kasakiman

kung minsan ang paglisan ay
ang paglagay ng iyong sarili sa isang sitwasyon
kung saan ikaw sa iyong sarili’y malalasahan
        ang ‘di pa natitikmang pawis
NILANG nagbubungkal na walang lupa

kung minsan ang paglisan ay
ang paglagay ng iyong sarili sa isang posisyon
kung saan mauunat mo ang iyong mga braso
        upang mahawakan ang mga kamay
NILANG – hindi lang ng iyong kapamilya
        ngunit pati na ng mga kasama

lumisan ako para sa KANILA.



# Rebolusyonaryo


ni Lerma del Mundo

tayo ang anino ng
panahong nagdaan
tagapagmana at tagapagkalag
ng tinik ng kasaysayan

tayo ang boses na nanggigising
sa natutulog na diyos
tagapagmulat ng kanilang kamalayan
upang maging makapangyarihang pwersa

tayo ang ulos na sisira
sa bulok na kaayusan
mga mandirigma na
wawakas sa lahat ng digma


tayo ang multong kinatatakutan ng burgesya
sinusupil pero hindi masugpo
dahil itinakda ng kasaysayan
ang hindi mapipigilang rebolusyon.





# Tagpuan

ni Mikaela Victorio



Dito,
Kung saan ang mga gusali
ay nagiging mga kubo
At ang mga kalsada,
malalawak na amihan;

Dito,
Kung saan aming nalaman
Ang kaibahan ng natong sa gallang,
At ang iba't ibang gamit ng anahaw;

Dito,
Kung saan ninyo nalaman
Kung bakit may kulog at kidlat
At kung saan ang Cuba at Byetnam;

Dito,
Kung saan ating nalaman
Ang kaibahan ng kaaway at kaibigan
At kung bakit may iilang mayaman
Habang kayraming naghihirap;

Dito,
Kung saan ating nalaman
Ang iba't ibang anyo ng pang-aapi
Na dinaranas ng sambayanan
At kung saan tayo tutungo sa hinaharap;



Dito,
Kung saan ating natutunan
Ang tunay na paglilingkod sa masa –
        pagmumulat, pag-oorganisa…
(Marami tayong natutunan
        at maraming malalaman pang iba.)

Dito ang ating tagpuan.

Dito sa lugar at panahon
        ng matagalang digmang bayan
Ang ating landas ay naging iisa,
Sa iisang tumpak at dakilang layunin.

Dito,
Sa Bagong Hukbong Bayan,
Pinagtagpo tayo,
        hindi ng tadhana o kapalaran
Kundi ng batas ng rebolusyon,
Mga uring pinagsanib
Ng proletaryong diwang mapagpalaya
Sa iisang daan patungong tagumpay!

# Sa BKP


ni Andres Obrero

Sa BKP . . .
pinahidan nin apog an
kabangang buyo, tiniklop
isinangal katipak na bunga
pantimpla ang tabako
para magpula.

Sa BKP . . .
isinurat sa pisara, paratanom
parapatandan, nagtaram
sa labi-labing kasakitan
nadagit ang paramama
ideyalismo, imperyalismo kinuspaan.

Sa BKP . . .
nginuya nin tuda, MD
M-L-M, bagong teorya.

Sa BKP . . .
di bale nang nguso magpula
basta lumaya!




*Ginawa ang tulang ito sa isang pag-aaral ng Batayang Kursong Pampartido (BKP). Sa 29 estudyante, lampas 20 ang paramama.

# Kapatid na Kasama

ni Loren Gaglarde

Ilang panahon na rin ang lumipas
Marami nang nagbago
Subalit sa 'ting muling pagkikita
Tumambad sa aki'y larawan ng kasamang
Hinding-hindi maikakaila na
Pinatatag ng pagmamahal sa kapwa.

Ilang panahon na rin ang lumipas
Marami nang nangyari
Nang malamang ika'y binilanggo ng kaaway
Layo sa ating pagitan ay naging piitan din
Gayunpaman, sumandig ka sa pakikibaka
At pinatatag ng pagmamahal sa kapwa.



Ipinaubaya na natin ang ating sarili
Sa pag-aaruga ng sambayanan
Duyan ng natagpuang mga pag-ibig
Balon ng adhikaing pagbabago.

Ilang panahon na rin ang lumipas
Marami nang natutunan
Ngunit dahas ng sistema'y nananatili
Patuloy tayong tuturuan ng karanasan
Tayong magkapatid sa pagkilos at pagkatuto
Sa pamilya ng sambayanang nag-aaklas.

Patuloy tayong tuturuan ng karanasan
Sa piling ng mga magbubukid at manggagawa
Tayo'y pinatatag ng pagmamahal sa kapwa
Pinanday ng Partido
Na tangi nating gabay.

# Dalawang Iisa
# (Para Kina Ka Brando at Ka Bobby)

ni Janis Bughaw

Iisang matris ang nagluwal sa inyong naliligo sa dugo
Ng inyong inang
Sa inyo'y kumalinga't umaruga
Hanggang siya'y inyong lisanin
Patungo kay InangBayang
Nangangailangan ng inyong pagkalinga't aruga.

Hiwalay ang inyong mga yapak
Na tumungo sa iisang direksyon
Ng demokratikong rebolusyong bayan
Magkaibang mga masa ang inyong nakasalamuha't
Pinaliwanagan ng iisang kahulugan ng kalayaan
'Di parehong mga gubat at bundok
        ang inyong binagtas
Habang ipinuputok ng inyong mga armalayt
Ang iisang prinsipyo ng matagalang digmang bayan.


Dalawang pagkakataon ang sa inyo'y bumalot ng dugo
(walang buhay kayong ibinalik sa inyong ina)
Dahil hindi ninyo tinalikdan si Inang Bayan –
Dalawa kayong nakiisa
Sa paglaban ng mamamayan.



# Paglalakbay

**(Para kina Ka Fross, Ka Sisa at sa lahat ng rebolusyonaryong martir ng ating panahon)**

ni Gibran Daluyong



naglakbay sila sa
kanilang mga panahon
naging bahagi sila ng
pagsulong ng alon

sa piling ng mga
api't pinagsasamantalahan
laging nasa puso't isipan
ang paglilingkod sa bayan

nag-alay ng kanilang
isip, salita at gawa
para sa digma ng
rebolusyonaryong pagpapalaya

sa tilamsik ng punglo
ng pasistang sundalo
pinatay ang kanilang katawan
ng bulok na estado

ang kanilang buhay ay
halimbawa ng rebolusyonaryong pag-aalay
masigasig na umangkop sa tungkulin
hanggang sa pagbuwis nito ay taglay

sila ang ating mga martir
ng panahon ng paglalakbay
na naglingkod at nangamatay
ngunit nabubuhay magpakailanman.

# Balita Mula sa Silangan

ni Juanito Walangsala



Nakaabot sa bundok ang aningal
Ang tunog ng hampas ng mga alon sa baybayin ng
Caramoan,
Kumalat hanggang sa karatig bayan
Ang inyong mabuting balita ng paglaban;
Sa mga nagnakaw ng alagang inyong pinagpaguran
At nangulimbat sa mga tindahan
Na pasistang gahaman

Sa bawat unos
Ng bagyong dumarating,
Muling sisikat ang araw
Na
Pula.

Ating pagmasdan,
Nakakakilabot ang nagbabagang silangan.
Tulad sa kabunduka'y kumakalat ang apoy sa kapatagan
Na pilit inaapula ng mga kampon ng kasamaan.
Sa bayan ng  Caramoan,
Ang dagat
Ay balon ng kapangyarihan-
Ang malahiganteng rumaragasang alon
Na siyang wawasak sa kastilyong kaharian.

# Pagsilang, Bukang-liwayway at Paglaya

ni Tadeo Paglinawan

Hayaan mo akong lumikha ng tula
ukol sa pagsilang


kung paanong ang bawat hininga
ay multong humihiwa sa lalamunan
habang pinupunit ang kalamnan
ng hiyaw ng sanggol
na ang balabal
ay dugo

Hayaan mong lumikha ako ng tula
ukol sa bagong umaga

kung bakit sa pagniniig ng liwanag at dilim
ang mga kabundukan sa Silangan
ay unti-unting yayapusin ng mga silahis
at sa pagpulandit ng liwanag
ay ang pulang bukang liwayway

Hayaan mo akong lumikha ng tula
ukol sa paglaya

kung saan ang dagundong ng pagbangon
ay along raragasa sa kapatagan
sa hatinggabi ng tagumpay
sa sanduguan ng mamamayan
sa lupa.



# Basketbol

ni Ka Waying Belsa


Kasabay ka raw sa larong basketbol, kasamang Waying...," ang pabirong banggit sa akin ni Ka Nestor, ang tumatayong GP sa aming iskwad.

Katatapos lang naming magbigay ng BKP sa isang bats ng mga aktibistang magsasaka at hukbo sa isang baryo at bago pa kami lumisan sa lugar ng pinagdausan ay may dumating na sulat mula sa kabilang yunit.

Habang nag-iimpake kami ng aming mga gamit, "Mga kasama kailangan daw nating kagyat na magkonsentra sa kabila dahil may importanteng trabaho," ang seryosong binigkas ni Ka Nestor.

Kahit sa paglalakad, hindi maalis sa aking isipan kung saan kami maglalaro ng basketbol sa gubat. Umabot ng tatlong oras ang aming pagbaybay sa daan bago namin naabot ang itinakdang *RP*. Nadatnan namin ang ilang kasama pero bago lumubog ang araw ay may mga dumarating pang ibang kasamahan galing sa ibang yunit.

Lihim akong nagtaka kung bakit kagyat na nagtitipon ang mga kasama. Magkakahiwalay kami sa ilang bahay na aming binabasehan kayat hindi ko magawang bilangin kung ilan talaga kami. Basta marami. Hindi normal ang nakita kong dalawang *machine gun* sa aming pagtitipon. Nakakamangha rin palang pagmasdan ang marami kang nakikitang mga kasama.



Kinaumagahan, nagkatay ng baboy at binadyetan kaming tig-iisang supot ng iba't ibang mga pagkain, inumin at *dulce de limon*. Lalo akong nagtaka dahil wala namang iskul na ginawa na karaniwang pinagkakaabalahan kapag may aktibidad na gaya ng aking nasasaksihan kapag nagtitipon.

Maya-maya pa, kinausap muli ako ni Ka Nestor. "Matutugunan na ang iyong mungkahi na makasabay sa isang taktikal na opensiba. Nakatakdang ikasa na ito dahil nakumpleto na ang lahat ng datos at rekisito para maisakatuparan ang matagal nang binabalak at ito na ang tamang tyempo. Kayat nagtitipon tayo ngayon," ang kanyang paglilinaw sa akin.

Saka ko lang naisip na ito pala ang binanggit niya sa akin kahapon na larong basketbol. Malaki ang posibilidad na ipapanalo namin ang laban dahil kami ang magtatakda ng laro. Kumbaga sa larong basketbol, nasa amin ang bola. Pero may kahalong takot at pangamba ang aking naramdaman dahil dati-rati'y sa sine ko lang nasasaksihan ang madudugong labanan at ngayon ay isa ako sa makakasabay dito. "Sa wakas, magiging artista pa ako dahil kasabay din ako sa gagampan sa papel ng mamamayang nag-aalsa na siyang tunay na bida sa magiging labang ito," ang makulit kong pangungumbinsi sa sarili.

"Mga kasama, magtipon daw tayo sa banda 20 mamayang hapon matapos ang pananghalian," ang paabot ng isang kasama sa aming pormasyon.

Ipinaliwanag ng isang responsableng kasama ang layunin ng gagawing TO. Napapaikutan namin ang isang lupa na kinorteng maliit na bundok na may mga nakatayong kubo na gawa sa papel. May mga kunwari'y kalsada sa paligid at bakod sa banda itaas na nakapaikot sa mga kubo.

"Ito ang target natin, mga kasama. May siyam na regular na army at apat na CAFGU ang nakatalaga diyan sa destakamento ng militar," ang paliwanag ng tumatayong kabuuang CO sa operasyon. Inilinaw din niya ang mga maniobra sa aktwal na pagbira hanggang sa pag-atras.

Eksaktong tatlong araw ay tapos na ang paghahanda at ensayo ng mga kasamang imbwelto sa TO.

Tumulak na kami papunta sa target kasabay ng paglubog ng araw na tila nagpabaon ng pag-asa, tulad ng pahabol ni Tay na "Ingat kayo mga kasama," habang isa-isa niya kaming kinamayan.

Sa paglalakad, animo'y ripleng awtomatik ang bilis ng pintig ng aking puso. May kahalong tensyon ang sabik na aking nararamdaman dahil una ko itong pagkakataon na makakasabay sa gawaing militar. Hindi ako nagpahalata nang umatake ang sakit ko sa almuranas sa kalagitnaan ng daan. Sinamantala ko ang saglit naming pamamahinga upang makagawa ng paraan para malunasan ito.

Nang sumulyap ang hugis karit na buwan, naaninag ko ang halos di na mabilang na mga kasamang nakabihis ng kulay itim na kasingdilim ng aming paligid.

Hindi kami pwedeng gumamit ng *flashlight* sa paglakad. Maaari raw kasing matunugan ang aming paglapit sa kampo dahil maraming mga bahay ng CAFGU sa paligid nito. Kayat kailangan talaga ng sakripisyo.

Limang oras pang lakad ay naaninag na namin ang maliwanag na ilaw sa itaas na bahagi ng bundok. "'Yan na ang kampo," ang mahinang boses ng masang nasusundan ko na gumampan sa pagtiktik sa kaaway.

"Tiyaking naka-*safe* ang mga baril, dahan-dahan ang paglalakad at huwag maglilikha ng ingay. Sa banda itaas ng 10, 'yan na ang target," ang pabulong na pasa-ulat mula sa kumand. Nasa bandang ibaba na kami ng bundok na kinaroroonan ng mga bayarang sundalo.

Halos sumikip na rin ang hininga ko kasabay ng animo'y dagungdong na kutob ng dibdib ko. Maingat kaming umaakyat padikit sa bakod.

Hatinggabi na, maingay pa rin ang mga militar, nag-iinuman at lasing na ang mga ito.

"Hoy! Lumabas kayo diyan, nakikita na namin kayo!" ang sigaw ng militar mula sa itaas. Saglit akong natulala at hindi nakakibo sa pagkaka-iskwat, katabi ng isa pang kasama sa pormasyon namin sa Baking. Kahit pala alam kong panloloko lang iyon ng kaaway, nakakabigla pa rin.

Pero ang hindi nila alam, ilang minuto na lang ay masosorpresa sila sa mga putok mula sa kanyon ng aming mga baril. Hinihintay na lang namin ang *signal fire* mula sa

**Sa pag-atras, halos hindi ako nakaramdam ng pagod laluna't sinalubong kami ng mga masa at inabutan ng maiinom na kape at tubig kahit madaling araw pa.**



pormasyon ng Kaloy. Ang pormasyon ng Abe at Baking ang mag-a-*assault* sa loob ng bakod paakyat sa pusisyon para kaagad makontrol ang maaaring pwestuhan ng kaaaway. At kasabay ng nanginginig kong tuhod, lumagatob ang mga putok ng *machine gun* mula sa Kaloy na siyang hudyat ng simula ng "basketbol".

Hindi pumutok ang sagad na idinikit sa trensera ng kaaway kayat kagyat na nagmando ang CO na umabante na kami.

Nang makaahon na kami, hindi ko na halos marinig ang putok ng M16 na hawak ko sa gatilyo. Napakalakas kasi at sunud-sunod ang pagsabog na bagas-bagas (bomba) na hinahagis ng milisyang bayan na kasabay namin sa pormasyon. Nagsasalimbayan ang mga putok ng baril mula sa mga kasama at nabasag na rin ang ilang bote ng *gin* na kanina'y tinutungga ng mga militar. Napalitan na ng galit ang dating kabang nararamdaman ko.

Hindi gaanong nakapag-*counter* ng putok ang kaaway at talagang nasorpresa sila sa aming atake.

Paglingon ko sa aking kabadi, dalawa na ang hawak nitong baril na M14. Napulot niya ito mula sa naiwang armas ng tumakas na alagad ng reaksyunaryong gubyerno.

"Nakuha na namin ang mga baril sa *armory*!" ang sigaw din ng isang mandirigma mula sa pormasyon ng Abe. Paisa-isa pa rin naming pinaputukan ang isang kubo pero walang nag-*counter* kayat dinikitan kaagad ito ng isang kasama habang kami'y nagpapayong sa kanya. Kaagad itong sumigaw na "Nakuha na natin ang gurangan!" Ang tinutukoy nito ay ang M60 *machine gun* na 'di man lang nagamit ng nag-iskapong

mga militar.

Ilang minuto lang ay tagumpay na ang laban. "Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!" Aningal na sumagot ang mga kasama ng "MABUHAY!"

Siyam na matataas na kalibreng baril at libu-libong mga bala ang nasamsam.

Kanya-kanyang bitbitan ang mga kasama ng mga nasamsam na kagamitang militar. Sinunog na rin namin ang mga kubo ng mga sundalo na tanda ng karahasan.

Sa pag-atras, halos hindi ako nakaramdam ng pagod laluna't sinalubong kami ng mga masa at inabutan ng maiinom na kape at tubig kahit madaling araw pa. Habang paparating kami sa aatrasang lugar, mag-uumaga na at tila binabati kami ng isang mapulang araw habang sumisikat ito sa silangan.

Kagyat na nalagom ang naging matagumpay na aktibidad para mahalawan pa ng mahahalagang aral at maiangat ito sa mas mataas na antas ng teknika at taktika sa pakikidigma kapwa ng mga mandirigma, kumander at kadre. Isang katiyakan, dagdag na armas at lakas-pamutok ang nasamsam ng BHB at kabawasan naman ito sa naghaharing uri.

Aapaw din ang buong tiwala ng masa sa kanilang hukbo na lumipol sa kanilang mapagsamantalang katunggali lalupa't walang naging pinsala sa panig ng BHB. At katumbas nito ang paglambot ng reaksyunaryong paghahari. Ito na siguro ang pinakamakabuluhang gantimpala ng ganitong tagumpay, higit pa sa anumang tropeo.

Sa paghihiwalay, mataas ang moral namin na muling sumuong sa walang kapagurang sakripisyo at pagharap sa gawaing masa na siyang balon ng lakas ng Hukbo at Partido. Kinakailangang bumalik sa ganitong gawain upang tiyakin ang higit pang papalaking mga TO na ipagtatagumpay ng sambayanan.

"Ka Nestor, sa susunod, isali niyo ulit ako sa basketbol," biro ko sa kasama, sabay tapik sa kanyang balikat.

# Liham




Ang sumusunod ay mga sipi ng sulat ng isang kasama para sa kanyang mga kakolektibo sa lunsod habang nakikipamuhay siya sa Bagong Hukbong Bayan at masa sa kanayunan:

…Naranasan ko na rin ang gumapang paakyat ng bundok (dahil sa pagod at putikan ang daanan) at ang bumaba ng bundok na naka-paa lang (dahil hindi ako sanay maglakad ng naka-tsinelas). Nagkasugat-sugat rin ang paa ko dahil palaging basa ang mojos ko at nalalagyan ng buhangin.Marami na ring pantal ang katawan ko dahil sa mga kagat ng lamok at kung anu-ano pang insekto. Marami man akong sakripisyong dinaraanan ngunit hindi ito makakapagpahina sa aking pagkilos. Sa halip, ito pa nga ang nagbibigay-“thrill” sa aking pagbisita dito sa kanayunan.

…Marunong na rin akong mag-house-to-house (para sa SI at props). Minsan sa isang bahay, tinatanong ko pa lang ang asawang babae kung kumusta ang kabuhayan nila, umiyak na siya dahil sa grabeng hirap na nararanasan nila. Mas lalo itong nagbigay-lakas sa akin para tulungan sila at patuloy sa pakikipagrebolusyon. Isipin ninyo, hindi ko man lang kakilala o kamag-anak yung ale pero ibinahagi niya sa akin ang buhay niya. Ganun katindi ang tiwala ng masa sa mga kasama.

…Masayang-masaya ako sa piling ng mga kasama. Mula sila sa iba’t ibang sektor ng lipunan ngunit naririto sila sa hukbo, nagkakaisa at nagtutulungan. Higit pa sa kapatid ang turingan ng bawat isa. Kaya ano ba talaga itong rebolusyon? Ito’y walang iba kundi ang “pagkakasararo” sa iisang layunin, ang maitagumpay ang DRB. Dito sa kanayunan mararanasan ninyo ang puspusan pagsasakatuparan nito. Kaya kung kayo ay handa na rin lang at higit na naniniwala sa ating ipinaglalaban, sana ay mabigyan niyo ng panahon ang pakikipamuhay dito sa kanayunan.

Para sa Bayan,
Karina

*Matapos ang ilang panahon ay nagpasya nang maglingkod nang buong-panahon si Ka Karina sa kanayunan.

# PUNA

ni Clarissa Tanikalaya

*Ang Tula-Dulang ito ay nagpapatungkol sa panahon ng paghahalo ng wasto at maling linya sa pangkabuuang teorya at pratika ng pambansa demokratikong rebolusyon, pakikitunggali at pagtakwil ng mga tunay na rebolusyonaryo sa mga mailng kaisipan at gawi, pagtanggap ng puna at pagwawasto. Maaaring gamitin ito sa mga pagtatanghal at iba pang pagtitipon.*

NARRATOR
MGA ASO
TAY DOMENG
NAY SIMANG
KA JOMER
KA PING
IBA PANG KASAMA

Narrator: Alas diyes na ng gabi.
Mahimbing na ang tulog
nina Tay Domeng at Nay Simang.
Maghapon ay napagod sila
sa paglinis ng *badang*.

Tay Domeng at Nay Simang: (Sagutan ng hilik.)

Narrator: Biglang kumahol
Mga aso sa paligid
Nakaamoy ng bahong
Umaali-aligid

Mga Aso: Aw, aw, aw.

Narrator: Kahol nila'y umalingawngaw

Mga Aso: Aw, aw, aw, aw, aw.

Narrator: Tila sila'y may natatanaw.

(Papasok ang mga kasama.)

Mga Aso: Aw, aw, aw, aw, aw , aw. (Hingal)
Pagod na kami!

Narrator: Hingal na ang mga aso
Paos na sila

Bingi na rin ang aming mga tenga.
(sa mga aso) O sige, pwede na kayong tumigil.

Mga Aso: Haaay, salamat.

Narrator: May lumapit na dalawang armadong lalaki
sa pintuan tumuktok at saka nagsabi…

Ka Jomer: Tao po. Tay Domeng, Nay Simang,
mga kasama po ito.

Narrator: Nagising ang dalawang gurang
Tila naalimpungatan
Ngunit si Tay ay bumangon
Binuksan ang pintuan

Tay: Ah, kayo pala mga kasama. Tuloy kayo.
Pasok na.
Alam na naman ninyo kung saan kayo
Pwedeng magkabit ng mga duyan.
Ilan ba kayo?

(Sisilip si Tay sa labas, isa isang papasok ang mga kasama. Habang pumapasok ang mga kasama ay isa-isa nitong bibilangin ang mga ito.)

Isa, dalawa, tatlo,
apat, lima, anim, pito…
dalawampu't isa, dalawampu't dalawa…
limampu't apat, limampu't lima!

(Kunwari ay siksikan ang mga kasama sa bahay).

Narrator: Nataranta si Itay
Nang hindi na makita si Inay
Naipit pala siya
Sa gitna ng mga kasama.

Nay: Domeng, Domeng
Narito ako!
(Kakaway mula sa gitna ng mga kasama.)

Narrator Hinugot ni Itay si Inay
Sa pagitan ng mga paa
Ng limampu't limang
Nagsisiksikang kasama

(Yayapusin ni Itay si Inay)

Nay: Aaa, lab mo ko talaga.

Narrator: Nakagawa ng paraan
Ang wais na si Tay
Kung paano pagkakasyahin
Limampu't pito sa bahay.

Duyan dito, duyan doon
Latag dito, latag doon
Pukpok dito, pukpok doon
Bubong dito, bubong doon

Pagkalipas ng ilang minuto
Lahat na ay nakahilata
Mahimbing na ulit ang tulog
Ng dalawang matanda.

(Salimbayang hilik ni Nay at Tay)

Siguro'y sa kapaguran
Lumalim ang tulog ng lahat

(Hilik ng mga kasama)

Ngunit sa lakas ng mga hilik
Ang bahay ni Tay…. (Malakas na tunog.)
BUMAGSAK!

Lahat ay nagising
Tulung-tulong na bumangon

MGA KASAMA: Sa lupa humiga!

Narrator: Ang sama-samang desisyon.

Kinaumagahan
Pagtilaok ng manok

(Tiktilaok!)

Wala pang almusal
Si Tay at mga kasama
Ay nagsimula nang mag-pukpok.

(May mga kasamang kunwari ay nagre-*repair* ng bahay.)

Pukpok dito, pukpok doon
Tali dito, tali doon

(Unti-unting mawawala ang mga kasamang tumutulong. Matitira na lamang sina Tay at Ka Jomer)

Tay: (habang nagpupukpok)
Bakit ba kasama
Kay dami niyo talaga?
Hindi ba't noong una,
Ilan-ilan lamang ang kasama?

Ka Jomer: (nagpupukpok din)
Kami ay isa nang kumpanya.
Kasi…
Hindi mo ba alam, Itay
Ang rebolusyon
Ay malapit nang magtagumpay?

Tay: (napukpok ang kamay)
Aray!
Tagumpay?

Ka Jomer: Opo. May panawagan na
Ang mga namumunong kasama
Ilang panahon na lang
Lulusob na tayo sa Mendiola.

Tay: (Nagtataka.)
Aaah, ganun pala.
Maiba tayo ng usapan.
(Lilingon-lingon, napansin na sila na lang ang natira.)
Nasaan na nga pala
Ang iba ninyong kasamahan?
Kagabi'y limampu't lima
Ngayo'y…
(Nagbilang ng mga kasama)
Siyam na lang!

Ka Jomer: Ewan ko po.
Kanina'y nariyan lang sila
(Tatanaw sa malayo)
Hayun pala ang iba
Hayun sa kapitbahay
Nagbabaraha!

Tay: Umagang umaga?

(May paparating na mga kasama na may mga dalang baso at kwatro kantos)

Tay: Hindi ba't 'yan si Ka Ping?
Aba, may dalang gin!

Ka Jomer: (Titigil ng pagpukpok at magkakamot ng ulo)
A…eh…
Pampainit daw po
At kailangan daw nila sa operasyon.
'Yang tatlong kasamang 'yan
Isasabak laban sa isang batalyon.

Tay: Wow, matindi!

Ka Jomer: (Nagmamayabang)
Matindi na talaga ngayon ang hukbo, Tay!

Narrator: Ngunit si Ka Jomer ay napatingin
Sa kanyang palibot
Nagkalat ang mga kasama
Kanya-kanyang pautot.

May tumatagay
May nagpupusoy
May humahabol
Ng baboy

(Mapapailing si Ka Jomer na tila nahihiya.)

Narrator: Huwag kang mawalan ng pag-asa kasama
Tingnan mong mabuti
Imulat ang iyong mata.

Dahil mayroon din namang
Nakikipag-usap kay Inay
May nagsisibak ng kahoy
May nagluluto ng gulay
May naghahanap ng pandingding
Sa bahay na nagiba
May kumakausap sa kapitbahay
Kung pwedeng doon makisapna

(Ibinaba ni Tay ang pamukpok at niyaya si Ka Jomer na maupo.)

Tay: Halika kasama
Dito tayo maupo
Panahon na sigurong
Punahin ko kayo.

Ako'y matanda na
At matagal na rin akong
Sa kilusan ay umasa.
Matagal na tayong dinudusta at inaapi
Ng mga panginoon at naghaharing uri…

(Tatango si Ka Jomer)

Tay: Kaya't ang tiyak na tagumpay
Ay hindi rin madali.
Kayo rin ang nagsabi
Na digma ay matagalan
Pagkat ang ating lipunan
May naiibang katangian.

Ka Jomer: Malapyudal at malakolonyal!

Tay: Tumpak!

Sana'y tumagos sa inyong mga gawi
Ang mga katagang laging bukambibig
Sa nakikita ko sa inyong mga ugali
Pinaghalu-halo na ang tama at mali.

Disiplina'y hawakan
Masa ay isaalang-alang
Sa bawat kilos at galaw
Sa wastong prinsipyo'y tumanaw.

Ka Jomer: *First time* mo?

Tay: Maging tama? Hindi, ah!

Narrator: Nag-isip si Ka Jomer
Nag-isip ng malalim
Sa ibang mga kasama
Sumulyap, tumingin

Agad siyang kumaway
Sa kasamang tumatagay
‘Yung nagpupusoy
‘Yung humahabol ng baboy.
Tinawag niya sila
Upang marinig
Mga puna ni Itay
Mapangaral na tinig.

Pagkatapos tinipon niya
Ang iba pang mga kasama
‘Yung kausap ni Inay
‘Yung nagsisibak ng kahoy
At nagluluto ng gulay
Pati ang naghahanap ng pandingding
Sa bahay na nagiba
At yung kumakausap sa kapitbahay
Kung pwedeng doon maki-*sapna*

Mahaba ang kanilang pulong
At maraming tunggalian
Nagtasa, naglagom
At higit sa lahat, nagpunahan.

At gaya ng inaasahan
May hindi nakatagal
Yung ibang tumatagay
At ibang nagbabaraha
Sa grupo’y humiwalay.

Ang humahabol ng baboy
At iba pa ay nakaintindi
Puna ng masa’t kasama,
Tinanggap nang mabuti.

Sa wakas sa wakas
Natapos ang pulong
At ang napagkaisahan
Magwasto, sumulong!

Tay at Nay: Nasa likod ninyo kami
Mga kasamang tunay
Sa inyong pagwawasto
Kami at Partido’y kaagapay.

Tay: Basta’t inyong tandaan
Mga martir natin at bayani
Huwag sayangin ang kanilang buhay
Sa luhat pagdadalamhati.

Bagkus ay iwaksi
Mga bisyo’t maling gawi
Isaisip ang masa’t kasama
Sa pangkabuuang taktika.

Nay: ‘Wag magmadali
Na tayo ay magwagi
‘Pagkat ang hinog sa pilit
Ay mapakla at mapait.
‘Wag mabagot sa pagpapaliwanag
O sa pag-oorganisa
Sa tamang landas
ng matagalang digmang bayan
Ang tagumpay ay ating matatamasa.

MGA KASAMA: Paumanhin sa inyo, inay at itay
Utang namin sa inyo
at ibang masa ang buhay
Kayo man ay pumanaw
Payo ninyo ay laging iisipin
Sa puso at diwa ng rebolusyon
Kayo ay laging kapiling

LAHAT:
Walang gagalaw
Walang tatayo
Ang susunod na bahagi
Ay ang dakilang pagwawasto!

# Mahal Kong Inay

Intro; C-Am-Dm-G-G7

```
    C           Am              Dm             G
Ako ang iyong anak na sa iyo'y nagdulot
     C                 Am      Dm          G
Ng mga gabing balisa at di makatulog
    F                G         C             Am
Dahil sa pangamba na ako ay masawi
      F                G          G7          C
Sa sinuong na digma ng mga dinuhagi.
```

Ako ang anak na sa'yong kanlunga'y humiwalay
Sa ibon ang kawangis mapangahas na inakay
Ang magandang buhay na sinikap mong ibigay
Sa hirap ng pakikibaka'y aking ipinantay.

Ako ang iyong anak isa nang mandirigma
Ng Bagong Hukbong Bayang siyang bisig ng masa
Kabahagi sa digma karamihang dinusta
Sandata ko'y armas at proletaryong diwa.

```
       F                G           C          Am
At kung isang araw sa iyo ay sumapit
       F                G           C          Am
Bangkay ng anak mong  sa sakripisyo nagpakasakit
       F        G           C          Am
Iluha ang hapis, ipahayag pati galit
       F                G          G7                         C
Ngunit 'wag lilimutin lunggating yaring buhay ang
kapalit.
```

Kung 'di man tayo muling magkita sa paningin
Malalim na ikinintal sa isip at damdamin
Alaala mo inay, na lalo kong dinadakila
Pagkat sa rebolusyon, ako'y iyong pinaubaya.

*Titik ni: Ka Banhi*
*Himig ni: Ka Aljun at Ka Damay*